Iwasan ang Problema Tungkol sa Deposito

Avoiding Deposit Disputes

Ang deposito ang madalas pinagmumulan ng gulo ng umuupa at ng may-ari. Ang mga sumusunod na palatandaan ay makatutulong upang maiwasan ang ganitong problema:

Bago lumipat:

✓ Siguraduhin na ang hinihinging deposito ay hindi labis sa dalawang buwan na upa kapag walang kagamitang kasama sa pag-upa, o tatlong buwang upa kapag may kasamang gamit.
✓Inspeksyunin ang bahay kasabay ang may-ari. Tingnang mabuti ang labas at loob ng bahay.
✓Ilista lahat ng nakikitang sira at ang lahat ng pinangakong baguhin ng may-ari. Papirmahan ito sa may-ari. Kapag ang umuupa ang magpapaayos ng mga sira, o kaya ay maglagay ng mga bagay tulad ng blinds sa bintana, siguraduhin na ito ay nakasulat kung papaano ang gawin dito paglisan ng umuupa.
✓Kung hindi maaring pirmahan ng may-ari ang mga nakalistang sira sa loob at labas ng bahay, kunan ang mga ito ng litrato at isulat ang kalagayan ng bahay bago ito lipatan.

Bago Umalis sa Inuupahan:

✓Pagkatapos mong ipagbigay alam na ikaw ay aalis, dapat bigyan ka ng may-ari ng abiso na pwede kang magpainspeksyun ng inuupahan sa loob ng dalawang linggo bago ka umalis, maliban kung ito ay dahilan sa 3-day Notice dahil sa hindi pagbayad
✓Kung hihiling ka na mag-inspeksyun ang may-ari bago ka umalis, dapat bigyan ka ng abiso na 48 horas bago ito gawin. Sa pagganap nito, dapat bigyan ka ng listahan ng mga sira o dapat mong isaayos. Tungkulin mong isaayos ang lahat lamang na nakalista, maliban sa mga sira na hindi nakikita habang iniinspeksiyon tulad ng sira na nagawa sa paglilipat.
✓Tungkulin mong iwanan ang bahay na malinis tulad sa kondisyon noong ikaw ay lumipat, bukod sa kondisyon dahil sa karaniwang paggamit.

Pag-Alis:

✓Mag-inspeksyon kasabay ang may-ari. Ilista lahat ng nakikitang problema. Kung napagkasunduan ninyo at ng may-ari, pirmahan ninyong pareho ang listahan.
✓Kung wala ang may-ari sa pag-alis mo, kunan ng litrato para mapakita ang kondisyon ng bahay sa pag-alis mo
✓Tandaan na dapat isauli sa iyo ang halaga ng iyong deposito sa loob ng 21 araw sa iyong pag-alis, kasama ang lista ng lahat ng ibinawas dito. Dapat may kasamang recibo ang lahat ng ibinawas na humigit sa halagang $125.
✓Iwanan mo sa may-ari ang iyong bagong tirahan kung saan pwedeng ipadala ang iyong deposito at ang pagtuos nito. Kung hindi mo iwanan ang tirahan mo, ito ay ipapadala niya sa huling tirahan mo at magpapatagal lamang ng iyong pagtanggap nito.

***Para sa karagdagdagang impormasyon, tumawag sa* 408-720-9888**

Para makahingi ng mga kasulatan na angkop para sa mga taong may kapansanan, mag e-mail lang sa scottrell@housing.org or TTY 7-1-1